


Kasaysayan ng Kristiyanismo sa Pilipinas



500 AÑOS



MISSIONARY SERVANTS OF THE BLESSED SACRAMENT


Alamin at Tuklasin ang

Kasaysayan ng Kristiyanismo sa Pilipinas



Noong ika-16 ng Marso, 2021, inalaala't pinagdiwang natin ang ika-500 anibersaryo ng Kristiyanismo sa ating bansa. Mayroon ba tayong dapat ipagdiwang gayong ito'y hudyat at simula rin ng pananakop ng mga Kastila sa ating bansa?

Bagamat di maikakailang naging mapaniil ang mga banyagang dumating noong araw na iyon at maraming pang-aabuso at paghihirap ang naranasan ng mga Pilipino sa kanilang kamay, mayroong isang napakalaking biyaya rin naman ang ating tinanggap, at iyon ay ang ating pananampalatayang Kristiyano. Ang mga misyonerong kasama nila sa ekspedisyong buong tapang na bumuno sa unos, gutom, kalungkutan at iba't-ibang problemang hatid ng isang mahabang paglalakbay at ng paglisan sa bayang kanilang kinagisanan upang maipakilala sa atin si Hesus at maipabatid ang mabuting balitang Kanyang hatid sa atin.



Sa diwa ng pasasalamat sa handog ng pananampalataya, ating balikan ang kasaysayan ng Kristiyanismo sa bansang Pilipinas...

Paano nga ba nagsimula ang Kristiyanismo sa ating bansa?



Ang unang Pagdaong ng mga Kastilang Mananakop sa Pilipinas

Sa pamumuno ni Ferdinand Magellan, isang Portuges na naglayag sa ilalim ng bandila ng Espanya, dumaong ang mga Kastila sa isang pulo sa Pilipinas noong ika-16 ng Marso, 1521 at itinayo ang Krus sa isla ng Cebu.

Ang Unang Binyag

Kinaibigan nila sina Raja Humabon at ang kanyang asawang si Harah Amihan, ang pinuno sa isla. Niyakap din ng Rajah, ng kanyang asawa at ng kanyang pinamumunuan ang Kristiyanismo. Sina Rajah Humabon at Harah Amihan ay bininyagan sa pangalang Carlos at Juana. Niregaluhan ni Magellan ang bagong binyag na si Reyna Juana ng imahen ng Sto. Niño.



Ang Unang Misa

At noong ika-31 ng Marso, 1521, ipinagdiwang ang pinakaunang Misa sa isla sa pangunguna ni Fr. Pedro de Valderrama, isa sa mga paring kasama nila sa kanilang paglalayag.






Ang Pagpapalaganap ng Mabuting Balita

Ang ebanghelisasyon o pagpapalaganap ng Mabuting Balita sa Pilipinas ay nagsimula sa pagdating ni Miguel Lopez de Legazpi sa Cebu noong ika-27 ng Abril 1565. Nagpatayo ng simbahan at kumbento sa Cebu ang mga prayleng Augustiniano, pinangungunahan ni Fray Andres de Urdaneta.


Ang Pagdating ng mga Misyonero sa Pilipinas

Noong 1571, sumama ang ilang mga Augustinianong pari kay Legaspi patungong Maynila upang sakupin ito at gawing kapital ng bagong kolonya ng Espanya. Dito ay pinagpatuloy ng mga prayle ang pagpapalaganap ng Mabuting Balita.

Noong 1578, dumating ang mga Franciskano at sumunod ay ang mga Heswita noong 1581. Ang mga Dominikano nama'y dumating noong 1587. Ngunit bago iyon, may isang paring Dominikano ang dumating kasama ng mga Heswita. Siya si Fray Domingo de Salazar, na naging unang obispo ng Diyosesis ng Maynila.



Ang mga grupong nabanggit ay Samahan ng mga Pari at Relihiyosong nanguna sa pagpapalaganap ng pananampalataya sa mga Pilipino. Nagpapatuloy hanggang ngayon ang mga samahang ito sa kanilang mga banal na gawain.



Ang Unang Obispo ng Maynila



Napakahalaga ng papel na ginampanan ni Fray Domingo de Salazar bilang obispo ng Maynila sapagkat pinagtanggol niya ang mga Pilipino sa pang-aabuso ng mga Kastilang mananakop.

Pinaglaban niya at ng ilan pang mga pari at obispong dumalo sa Sinodo ang tunay na layunin ng kanilang pagpunta at pamamahala sa Pilipinas, at ito ay ang ipahayag ang Mabuting Balita, ayon na rin sa kautusan ng Santo Papa noon.

Binatikos din niya ang pang-aalipin, na isang kaugalian noon at nagpasyang nararapat lamang na ipahayag ang Ebanghelyo gamit ang katutubong wika ng mga tao. Sa gayon ay napangalagaan ang katutubong wika at diyalekto ng mga Pilipino.

Marami ang tumutol sa kanya kung kaya't kinailangan niyang bumalik sa Espanya upang personal na makiusap para sa mga karapatang-pantao ng mga katutubo sa harap ng korte ng hari ng Espanya. Sa kanyang pagkamatay, ang kanyang simulain ay pinagpatuloy ni Fray Miguel de Benavides, isa ring Dominikanong pari.



Ang kabutihan ni Fray Miguel de Benavides



Bukod sa mga nasimulan ni Fray Domingo de Salazar, tinutulan din ni Fray Miguel de Benavides ang di-makatarungang pagpapatong ng buwis sa mga di Kristiyano.




Hiniling din niya sa Hari ng Espanya na ipagpatuloy lamang ang pamamahala sa Pilipinas kung malayang sasang-ayon ang mga Pilipino rito. Sa kabutihang palad, tinanggap ito ng Hari ng Espanya.


Si Fray Benavides ay bumalik sa Pilipinas bilang Obispo ng Nueva Segovia, at pinamahalaan ang pagtitipon ng mga Pilipinong kusang-loob na tinanggap ang pamumuno ng Hari ng Espanya. Ito ang sagot ng isa sa mga Pilipinong dumalo sa pagtitipon: ***“Tinatanggap namin ang pamamahala ng Hari ng Espanya sapagkat ipinadala niya sa amin ang mga Espanyol na nagpalaya sa amin sa malupit na pamumuno at panunupil ng aming mga pinuno at dahil ipinadala nila sa amin ang mga misyonerong pari na tumutulong at nagtatanggol sa amin laban sa mga malulupit na Kastila.”***




Simbahang itinatag sa tulong ng kasigasigan sa Misyon



Ang Krus na dala ng mga misyonero, ang kanilang kasigasigan at pinakitang malasakit at pagmamahal ang nagdala sa mga Pilipino sa Simbahan. Sa kanilang pagdating, tangan nila ang kanilang karanasan sa ebanghelisasyon ng Amerika. Pinaalalahanan ng Sinodo ng Maynila ang mga encomiendero na ang karapatan nilang mangolekta ng buwis ay may kalakip na responsibilidad – ang makatarungang pamamahala at pagpapalaganap ng pananampalataya. Sa bawat encomienda, merong isang misyonerong nakatalaga.



Ang Pagbibigay ng Katesismo sa mga Pilipinong Binyagan



Dahil ang mga baryo sa Pilipinas at magkakalayo, nagpasya ang mga misyonero na gumamit ng campana (bell) nang sa gayon ay mapadali ang pagbibigay ng katesismo sa mga Pilipino.




Pinakilala rin ng mga Dominikano ang paggamit ng imprenta sa Pilipinas. Ang kauna-unahang nailimbag ay ang Doctrina Christiana noong 1593. Ang nilalaman nito ay ang mga sumusunod: mga panalangin, at mga artikulo ng pananampalataya.



Ang pangungumpisal at Banal na Komunyon ay tinatanggap ng mga Kristiyano isang beses sa isang taon.

Ito ay tuwing Pista ng Pagkabuhay. Binago rin ng mga misyonero ang nakaugaliang pagbibinyag nang maramihan. Siniguro rin nilang ang mga Pilipinong magpapabinyag ay nabibigyan ng katesismo bago at matapos ang kanilang binyag.

Nag-uumpisa ang pagyakap sa pananampalatayang Kristiyano sa mga datu o pinuno ng isang baranggay. Tungkulin ng mga datung nabinyagan na ipahayag ang pananampalataya sa mga tao.



Mga Pilipinong Paraan ng Pagsamba

Nirespeto ng mga misyonero ang mga kaugalian ng mga katutubo, ngunit itinakwil ang paganong pamamaraan. Ang mga sayaw, palabas, musika o awitin ay palaging kalakip ng mga pagdiriwang ng pista.

Ang debosyon na orihinal sa mga Pilipino ay nagpapatuloy hanggang ngayon, tulad ng Misa de Aguinaldo o Simbang Gabi. Ang Pasyong Mahal ni Gaspar Aquino de Belen, na unang inilathala sa Tagalog noong 1703 ay naging parte na ng debosyon tuwing Mahal na Araw.



Ambag sa kaunlaran ng mga misyonero

- Hindi lamang simbahan ang pinatayo ng mga prayle. Sila rin ang nagpagawa ng mga daan at tulay. Tinuro rin nila ang paggamit ng gulong at araro upang mapadali ang pagsasaka. Pinaunlad nila ang Sistema ng irigasyon at nagdala ng mga panibagong pananim tulad ng tabako, kape at cocoa.
- Nagpatayo rin sila ng ospital, asylum at bahay-ampunan kung saan pinangalagaan nila ang pisikal at espirituwal na pangangailangan ng mga tao.
- Nagpatayo rin sila ng mga eskwelahan. Ilan na rito ay ang mga sumusunod: Universidad de San Ignacio (1595) sa Intramuros; Unibersidad ng Santo Tomas (1611) ng mga Dominikano, Colegio de Santa Isabel (1593), Colegio de Santa Rosa (1750) at La Concordia (1868).
- Nang dumating ang mga Amerikano sa ating bansa, nakita nila ang mga bunga ng pagsisikap ng Simbahan at ng mga misyonero. Ayon sa paring kasama ng mga sundalong Amerikano, “Makikita sa Pilipinas ang malagong gawain ng Kristiyanong pagmamahal, sa mga ospital, bahay-paanakan, sa paaralan at iba pang institusyong itinayo ng Simbahan.”





Paglago ng Espiritwalidad sa mga Pilipino

- Kasabay ng paglago ng pananampalataya ay ang pagkapukaw sa mga Pilipino ng kamalayan sa tawag ng Diyos. Sa pagtatapos ng ika-17 siglo, itinatag ang ilang mga beaterio sa bansa. Ang mga beaterio ay isang pamayanan ng mga layko at Pilipinong pari.
- Noong 1621, itinayo ang Monasteryo de Santa Clara, ang lugar para sa mga babaeng nagtalaga ng kanilang sarili sa Diyos bilang mga mongha.
- Sa pangangalaga't patnubay ng mga Dominikano, limang beata o mga relihiyosang babae ang namuhay sa iisang tahanan at naglaan ng kanilang buhay sa pagdarasal. Makalipas ang ilang taon, naging labinlima na ang mga beata at itinatag nila ang Beaterio de Santa Catalina noong ika-26 ng Hulyo, 1696.
- At meron pang ibang mga beaterio ang naitatag pagkatapos nila – ang Beaterio de San Sebastian na nasa pangangalaga ng mga Recoletos at ang Beaterio de la Compañia na nasa pangangalaga naman ng mga Heswita.
- Bukod pa sa mga beaterio, iilan ding samahan ang naitatag na may layuning ibahagi at isabuhay ang pananampalatayang Kristiyano



Ang mga PiliPinong Santo



Sa panahon din ng mga Kastila, dalawang layko ang hinirang na santo at martir ng Simbahan. Sila'y sina San Lorenzo Ruiz at San Pedro Calungsod. Si San Lorenzo Ruiz ay miyembro ng Confraternidad ng Santo Rosaryo na itinatag ng mga Dominikano noong 1590. Tumakas siya papuntang Japan kasama ng mga Dominikanong misyonero dahil sa isang maling paratang. Noong 1637, siya ay pinatay sa Tokugawa Shogunate dahil sa kanyang pagtanggong talikuran ang kanyang pananampalataya. Sa harap ng kamatayan, buong tapang niyang sinabi: “Mas pipiliin ko ang sanlibong kamatayan kaysa ang itakwil ang aking Manliligtas.”

Si San Pedro Calungsod naman ay isang katekistang naging martir noong 1672, apat na taon mula noong sumama siya kay Padre Diego Luis San Vitores at iba pang Heswita sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa mga Chamorros sa Guam, lugar na dati'y parte ng Pilipinas. Siya ay tinamaan ng pana sa dibdib habang pinoprotektahan si Padre Diego mula sa dalawang Chamorrang umatake sa kanila. May kumalat kasing balita noon na ang tubig na ipinambibinyag nila ay may lason kung kaya't maraming mga Chamorro ang nagalit sa mga misyonero.





Ang lokal na Simbahan ng Pilipinas sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano

Matapos ang tatlong siglo, ang Pilipinas ay mayroon lamang isang arkidiyoses at tatlong diyosis. Sa panahon ng mga Amerikano, lima pang diyosis ang naitatag. Gayunpaman, marami ring hamon ang kinaharap ng Simbahan noong mga panahong iyon tulad ng pagdating ng mga Protestanteng misyonero at ang pag-aklas o paghiwalay ng mga Aglipayan.

Apat na Amerikanong obispo ang pumalit sa mga Kastilang obispo. Sa pag-alis ng mga prayleng kastila, ilang Relihiyosong Samahan mula sa Estados Unidos ang dumating sa Pilipinas - Redemptorists (1905), St. Joseph's Missionary Society (1906), Congregation of the Immaculate Heart of Mary (1907), Missionaries of the Sacred Heart (1908), ang Society of the Divine Word (1908), at Christian Brothers (1911). Itinatag din ng mga Amerikano ang unang konseho ng mga miyembro ng Knights of Columbus noong 1905. Bilang tanda ng pag-usbong at pagyabong ng pananampalataya sa Pilipinas, ginanap ang International Eucharistic Congress sa bansa noong 1937.





Ang Simbahan sa gitna at Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Nang sumiklab ang giyera, binuo ng mga obispo sa Pilipinas ang Catholic Welfare Organization noong 1945. Makalipas ang ilang taon, naging opisyal itong organisasyon sa Simbahan. Noong 1968, ito'y tinawag na Catholic Bishops' Conference of the Philippines. Ang tungkulin nito'y paunlarin ang diwa ng pakikiisa sa Simbahan sa Pilipinas, bumuo ng mga polisiya't programang pastoral, makipagtulungan sa pagsusulong ng pastoral na layunin at gawain ng Unibersal na Simbahan, magpahatid ng Mabuting Balita sa mga tao, lalong lalo na sa mga namumuno sa sibil na pamahalaan at makipag-ugnayan sa iba pang Kapulungan ng mga Obispo.


Noong 1960, hinirang ang kauna-unahang Kardinal na Pilipino – si Rufino Cardinal Santos ng Pampanga. Kilala siya sa kanyang pagtatatag ng mga establisyimentong mapagkawang-gawa, sa pagpapatayo ng ospital at ng istasyon ng radio, ang Radio Veritas Asia. Ang istasyong ito ay naghahatid ng Salita ng Diyos sa pinakamalaking kontinente sa mundo, kung saan iilan lamang ang Kristiyano.





Ang Second Plenary Council of the Philippines, ang napakalaking pagpupulong ng mga obispo, pari at ilang layko noong 1991, ay nagsulong ng pagpapanibago sa Simbahan sa Pilipinas. Sa pagpupulong na ito, naging malinaw ang direksyon ng Simbahang Pilipino – ang maging pamayanan ng mga disipulo ni Kristo at Simbahan ng mga Dukha. Panawagan din nito ang pagpapanibago ng paraan ng ebanghelisasyon at paglinang ng malawak na espiritwalidad.

Ang interes sa pagsusulong ng hustisyang panlipunan ang nag-udyok sa Simbahan, sa pamumuno ni Jaime Cardinal Sin, na suportahan ang pag-aalsa ng mga tao. Sa biyaya ng Diyos, nanaig ang katarungan at pagkakaisa at napatalsik ang diktatoryang pinamunuan ni Ferdinand Marcos noong 1986.




Sa ngayon, mayroong 86 arkidiyosesis, diyosesis, prelature, apostolikong bikaryato sa Pilipinas at mayroong higit walumpung milyong mananampalataya.

Walang hanggang papuri't pasasalamat ang ating inihahandog sa Poong Maykapal sa mga grasyang kanyang pinagkalook sa ating Simbahan, lalong lalo na sa lokal na Simbahan ng Pilipinas.







Kulayan ang Imahen ng Santo Niño na kauna-unahang ima-
heng dala ng mga Kastila sa Pilipinas





Ang Pilipinas ay tinaguriang “Pueblo Amante di Maria,” o Bayang Nagmamahal kay Maria dahil sa malalim na pagmamahal at debosyon ng mga Pilipino sa Birheng Ina ni Hesus.

Kulayan ang Imahen ng Birheng Maria.



ACROSS

- 3 Ang ikalawang bansang sumakop sa Pilipinas
- 7 ang istasyong naghahatid ng Salita ng Diyos sa pinakamalaking kontinente sa mundo
[Radio _____ Asia)
- 9 Sino ang paring namuno sa unang Misa sa Pilipinas?
- 10 Saang isla unang itinayo ng mga Kastila ang Krus?
- 11 Bansang pinanggalingan ng mga misyonerong nagdala ng Kristiyanismo sa Pilipinas
- 12 Pangalan ng unang obispo ng Pilipinas

DOWN

- 1 Ang Portuges na nanguna sa paglalayag patungong Pilipinas
- 2 Anong buwan unang dumaong ang mga Kastila sa Pilipinas?
- 4 Kaninong imahen ang inihandog ni Magellan kay Reyna Juana noong siya ay binyagan?
- 5 Ang kauna-unahang Pilipinong santo
- 6 Ang pinuno sa isang isla sa Pilipinas na kauna-unahang Pilipinong bininyagan.
- 8 Ilang siglo sinakop ng mga Kastila ang Pilipinas?



gifted to give

500 YEARS OF CHRISTIANITY IN THE PHILIPPINES

Panalangin ng Misyon

Diyos Amang mapagmahal, isinugo Mo ang Iyong Anak sa mundo
upang ipahayag ang Mabuting Balita ng kaligtasan sa lahat.
Itinakda Mong sa nakalipas na limandaang taon,
marating ng mga misyonero ang aming bayan
para mahayag sa aming mga ninuno ang Ebanghelyo ni Hesus na Iyong Anak.

Panibaguhin at pag-alabin nawa kami ng iyong Espiritu
upang kami'y maging mga saksi ni Hesus na iyong Anak
Bilang Iyong mga anak, buklurin nawa kami ng aming pananampalataya
sa pagmamalasakit at pagmamahal sa isa't isa.
Bigyang-lakas nawa kami ng Banal na Espiritu
nang maihatid namin ang Mabuting Balita sa
mga kapatid namin sa Asya at sa iba pang panig ng mundo.

Pagkalooban Mo kami ng marubdob na paghahangad
na makatulong sa iba na manampalataya rin sa Panginoong Hesus
upang makahati sila sa Kanyang buhay at kagalakan.
Alalayan nawa kami at ipanalangin ng Pinagpalang Ina,
ang Tala ng Ebanghelisasyon
sa pagsasabuhay at pagbabahagi sa kapwa
ng aming pananampalataya.

Ang matibay na pagmamahal at pamimintakasi sa Mahal na Ina
ang humubog nawa sa amin na maging tunay na saksi
at alagad ni Hesus, laging handang maisugo,
at maging masunurin sa anumang kanyang ibigin.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong Anak Mo
na nabubuhay at naghahari kaisa Mo
at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.